

① **【Mag-ingat sa mga malalaking party/pagdiriwang !】**

- Sa ginawang birthday party sa bahay kung saan may dumalong kamag-anak na positibo sa covid, naging kaso ito para kumalat ang impeksyon sa ibang bisita o sa maraming tao.
- Tumataas ang peligro at pagkalat ng impeksyon sa oras na tinanggal ang mask kapag kumakain at umiinom lalo na kung kasama pa ng madaming tao na hindi kasambahay.
- Ngayong laganap ang impeksyon, itigil muna ang mga party/pagdiriwang.

② **【Kung ikaw ay nahawahan ng COVID-19】**

- Kabilang sa mga strain, ang Delta na kasalukuyang kumakalat, maraming mga tao na nasa kanilang 50 o mas bata ang nagiging mas matindi. Kung nahawahan ka ng COVID-19 at na-ospital o nagkasakit nang malubha, ang iyong income ay mapuputol ng mahabang panahon.
- Gayundin, kung kumalat ang impeksyon sa kumpanya (lugar ng trabaho), ang negosyo mismo ng kumpanya ay titigil.
- Bilang karagdagan, ang mga miyembro ng pamilya at ang mga itinuturing na close contact ay kailangan ding huminto sa pag-aaral at pagtatrabaho at maghintay ng dalawang linggo sa bahay.
- Gumawa ng masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon upang ang iyong araw-araw na buhay ay hindi tumigil nang dahil sa COVID-19.

③ **【Pangunahing hakbang sa Pag-iwas sa Impeksyon】**

- Bawasan ang mga pagkakataong makipagkita sa ibang tao.
- Magsuot ng mask kapag lalabas o papasok sa trabaho/habang nagtatrabaho.
- Kung masama ang pakiramdam (lagnat, pananakit ng lalamunan, sipon at ubo), itigil ang lahat ng mga aktibidad tulad ng pagpasok sa trabaho o pagpasok sa paaralan.
- Iwasan ang mataong oras at lugar.
- Ngayong labis na kumakalat ang impeksyon, iwasan ang kumain kasama ang malaking grupo, mga party/pagdiriwang, at pagtitipon ng malaking grupo.